

Mahalagang impormasyong dapat malaman



Karahasan sa tahanan at pamilya



Pagmamagulang



Diborsyo



Mga pag-aari



Saan makakakuha ng tulong

Para sa LIBRENG tulong at kumpidensyal na payo tungkol sa DFV, tumawag sa

☎ **1800 RESPECT – 1800 737 732** o

☎ **DVCONNECT – 1800 811 811**

na bukas buong araw, araw-araw. Maari kang humiling ng isang interpreter.

Ang mga serbisyong ligal ay maaaring magsaayos ng isang interpreter para sa iyo nang LIBRE o maaari kang tumawag sa Serbisyong Pagsasalin at Pag-iinterprete (Translating and Interpreting Service) sa

☎ **131 450**

Ang isang abugado ay maaaring magbigay sa iyo ng ligal na impormasyon at payo upang makagawa ka ng isang may-kaalamang desisyon tungkol sa iyong mga ligal na pagpipilian. Ito ay kumpidensyal.

Para sa LIBRENG ligal na payo tungkol sa karahasan sa tahanan at pamilya, pagiging magulang, diborsyo at/o mga pag-aari, tawagan ang Serbisyong Ligal ng mga Kababaihan (Women's Legal Service) sa

☎ **1800 957 957** o

Tulong sa Batas ng Queensland (Legal Aid Queensland) sa

☎ **1300 65 11 88**

Para sa LIBRENG ligal na payo tungkol sa migrasyon, tawagan ang Serbisyong Ligal para sa Refugee at Migrasyon (Refugee and Immigration Legal Service) sa

☎ **(07) 3846 9300**

Karahasan sa tahanan at pamilya



Kung ikaw ay nasa isang emerhensiya at/o panganib, dapat kang tumawag sa Pulisya sa 000. Karapatan mong magtanong at patuloy na hilingin sa Pulisya na tumawag ng isang babaeng interpreter para sa iyo.

Ang Karahasan sa Tahanan at Pamilya (DFV – Domestic and Family Violence) ay hindi lamang pisikal na pang-aabuso at kabilang dito ang iba pang mga uri ng pag-uugali na ikinakatakot o ikinasasakit mo. Halimbawa, pagbabanta na sasaktan ka, pagbabanta na kakanselahin ang iyong visa, pagbabanta na kukunin ang mga bata, panliligalig sa iyo sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnay sa iyo at/o pagsubaybay sa iyong lokasyon nang walang pahintulot mula sa iyo. Hindi ito okay, at mapoprotektahan ka ng batas.

Maaari kayong maprotektahan ng iyong mga anak ng Kautusang Proteksyon sa Karahasang Pantahanan (Domestic Violence Protection Order) mula sa hinaharap na aksyong DFV ng taong gumagamit ng karahasan. Maaari itong gawin ng Pulisya o sa Korte ng Mahistrado. Ito ay isang ligal na kautusan na pipigil sa isang tao na manakit o manakot sa iyo at sa iyong mga anak. Hindi malalagay sa problemang kriminal ang isang tao maliban kung nilabag niya ang kautusan.

Pagmamagulang



Sa Australya, ang mga magulang ay walang karapatan sa mga anak. Sa halip, mayroon silang responsibilidad na magdesisyon para sa mga anak.

Kung humiwalay ka sa isa pang magulang, dapat lamang kayong magkasundo kung ano ang ligtas at para sa pinakamabuting interes ng mga bata. Hindi ito isang awtomatikong kaayusan na 50/50 para sa mga bata.

Mahalagang kumuha ng ligal na payo nang maaga hangga't maaari tungkol sa iyong mga pagpipilian bago sumang-ayon o lumagda sa anumang mga dokumento.

Diborsyo



Sa Australya, ang diborsyo ay pagwawakas lamang ng inyong ligal na kasal. Hindi ito nagpapasya tungkol sa inyong mga anak at/o mga usapin sa mga pag-aari. Hiwalay na inaasikaso ang mga ito.

Dapat kayo ay magkahiwalay nang mahigit sa 12 buwan bago kayo mag-aplay para sa diborsyo. Ngunit maaari ninyong resolbahin sa anumang oras ang mga kaayusan para sa mga bata o ang mga usapin sa mga pag-aari.

Mga pag-aari



Maaaring baguhin ng Korte ang pagmamay-ari ng mga yaman (assets) at utang, sa ibang bansa at sa Australya. Kasama rito ang lupa, mga bahay, mga yunit, superannuation, mga kotse, alahas, at pera.

Hindi ito isang awtomatikong 50/50 na pagkakahati ng lahat.

Mahalagang kumuha ng ligal na payo tungkol sa iyong mga karapatang matanggap bago sumang-ayon o lumagda sa anumang mga dokumento.

Pagwawaksi: Ang papel-kaalamang ito ay naglalaman lamang ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang ligal na payo. Huling naisapanahon noong Nobyembre 2020.